# BAKUNA PARA SA YELLOW FEVER (SAKIT NA NAKAMAMATAY DULOT NG KAGAT NG LAMOK)

## ANO ANG DAPAT MONG MALAMAN

Maraming Pahayag na Impormasyon Tungkol sa Bakuna ay maaaring makuha sa Espanyol o iba pang mga wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis.

## 1 Ano ang yellow fever?

Ang yellow fever ay isang seryosong sakit na idinudulot ng yellow fever virus. Ito ay naikakalat sa pamamagitan ng kagat ng naimpeksiyong lamok at **hindi** naikakalat nang direkta mula sa isang tao sa ibang tao. Ito ay matatagpuan sa ilang parte ng Aprika at Timog Amerika.

Ang yellow fever ay maaaring maging sanhi ng:
- lagnat at sakit na kagaya ng trangkaso
- paninilaw (naninilaw na balat o mga mata)
- panghihina ng atay, bato, sistema ng paghinga at iba pang pangunahing sangkap ng katawan
- pagsuka ng dugo
- kamatayan

Ang mga taong may sakit na yellow fever ay kadalasang na-oospital.

## 2 Paano ko mahahadlangan ang yellow fever?

### Bakuna Laban sa Yellow Fever

Ang bakuna laban sa yellow fever ay maaaring maghadlang ng yellow fever.

Ang bakuna laban sa yellow fever ay ibinibigay lamang sa mga aprubadong mga sentro ng pagbabakuna.

Pagkatapos magpabakuna, ikaw ay dapat tumanggap ng **Pang-Internasyonal na Sertipiko ng Pagbabakuna (International Certificate of Vaccination** [dilaw na kard]) na pinatunayan ng sentro ng pagbabakuna. Ang Sertipikong ito ay magiging balido 10 araw pagkatapos ang pagbabakuna at nagtatagal ng 10 taon. Kakailanganin mo ang kard na ito bilang katibayan ng pagbabakuna upang makapasok sa ilang mga bansa. Konsultahin ang iyong departamento ng kalusugan o bisitahin ang impormasyon sa paglalakbay sa website ng CDC sa http://www.cdc.gov/travel upang malaman ang mga kailangan sa paglalakbay sa iba't-ibang bansa o upang mahanap ang pinakamalapit na aprubadong sentro ng pagbabakuna.

***Mangyaring siguraduhing talakayin ang iyong itineraryo sa paglalakbay sa iyong doktor o nars bago ka magpabakuna laban sa yellow fever.***

### Iba Pang Panghadlang Na Mga Hakbang

Kagaya ng alinmang sakit na ikinakalat ng mga lamok, ang mga pag-iingat at mga pantaboy ng mga insekto ay nirerekomenda rin upang mahadlangan ang pagkakalantad sa yellow fever virus. Ang mga pag-iingat na ito kabilang ang paglalagi sa mga lugar na may maiging pangtabing, pagsusuot ng mga damit na nagtatakip sa halos buong katawan, at paggamit ng epektibong mga pantaboy na mga insekto (hal., naglalaman ng hanggang 50 porsiyentong N, N-diethylmetatoluamide [DEET]) sa balat at damit.

## 3 Sino ang dapat tumanggap ng bakuna laban sa yellow fever?

- Ang mga taong may edad na 9 buwan o mahigit na naglalakbay sa o nakatira sa isang bansa na kinakailangan ang pagbabakuna laban sa yellow fever para sa ilang mga naglalakbay. ***I-tsek sa iyong tagakaloob ng pangkalusugang pangangalaga.***

- Ang mga taong may edad na 9 buwan o mahigit na naglalakbay sa isang bansa na **hindi** nag-aatas ng pagbabakuna laban sa yellow fever ngunit nasa lugar kung saan umiiral ang panganib ng yellow fever. ***I-tsek sa iyong tagakaloob ng pangkalusugang pangangalaga.***

Ang impormasyon tungkol sa nalalaman o posibleng naimpeksiyong mga lugar ay makukuha mula sa World Health Organization (http://www.who.int), sa Pan American Health Organization (http://www.paho.org), at CDC (http://www.cdc.gov/travel).

Kung ikaw ay patuloy na nakatira o naglalakbay sa mga lugar kung saan endemiko ang yellow fever, ikaw ay dapat tumanggap ng dagdag na dosis ng bakuna laban sa yellow fever pagkatapos ng 10 taon.

Ang bakuna laban sa yellow fever ay maaaring sabay na ibigay sa karamihang mga iba pang bakuna.

## 4 Sino ang HINDI dapat tumanggap ng bakuna laban sa yellow fever?

- Ang mga taong nasapanganib na ang buhay dahil sa alerhiyang reaksiyon sa mga itlog, manok, gelatin o sa naunang bakuna laban sa yellow fever.

- Ang mga sanggol na wala pang 9 na buwan ang edad. Para sa mga sanggol na 6 hanggang 8 buwan ang edad na hindi makaiwas maglakbay sa nga lugar na may yellow fever, talakayin ang tungkol sa pagbabakuna sa kanilang doktor. Hindi dapat bakunahan sa ilalim ng anumang pangyayari ang mga sanggol na mas bata sa 6 na buwan.

- Dapat iwasan o ipagpaliban ng mga buntis at nagpapasusong ina ang paglalakbay sa mga lugar na may yellow fever. Kung hindi maiwasan ang paglalakbay, talakayin ang pagbabakuna sa iyong doktor.

- I-tsek sa iyong doktor bago ka magpabakuna laban sa yellow fever kung:
  – Ikaw ay may kasaysayan ng alerhiya sa mga itlog, manok, o gelatin
  – Ikaw ay may HIV/AIDS o iba pang sakit na nakaaapekto sa sistemang imunisasyon
  – Ikaw ay sumasailalim sa paggamot nang 2 linggo o mahigit na ng mga gamot na nakaaapekto sa sistemang imunisasyon, kagaya ng steroids
  – Ikaw ay may anumang uri ng kanser
  – Ikaw ay tumatanggap ng paggamot sa kanser na may mga X-ray o mga medisina
  – Ang iyong glandulang thymus ay inalis na, o ikaw ay may kasaysayan ng mga problema sa iyong thymus, kagaya ng myasthenia gravis, DiGeorge syndrome, o thymoma.

Kung ikaw ay 65 o mahigit, talakayin sa iyong manggagamot ang mga panganib at benepisyo ng pagbabakuna sa kaugnay na kahulugan ng iyong panganib sa pagkalantad sa yellow fever virus base sa iyong destinasyon.

Kung hindi ka makapagpabakuna dahil sa dahilang medikal at ang katunayan ng pagbabakuna laban sa yellow fever ay kinakailangan para sa iyong paglalakbay, ang iyong doktor ay maaaring magbigay sa iyo ng sulat ng pagpaubaya. Kung nagbabalak na gumamit ng sulat ng pagpaubaya, ikaw ay dapat ding kumuha ng ispesipikong payo mula sa embahada ng bansa o mga bansa na binabalak mong bisitahin.

Kung hindi ka makapagpabakuna, talakayin sa iyong doktor ang mga iba pang paraan upang maiwasan ang yellow fever.

## 5 Anu-ano ang mga panganib mula sa bakuna laban sa yellow fever?

Ang bakuna, katulad ng anumang medisina, ay maaaring maging sanhi ng mga seryosong problema, kagaya ng malubhang mga alerhiyang reaksiyon. Ang panganib ng bakuna na nagiging sanhi ng seryosong pinsala, o kamatayan, ay sadyang napakaliit.

***Ang mga reaksiyon ay mas malamang na hindi nangyayari pagkatapos ng dagdag na dosis ng bakuna laban sa yellow fever kaysa pagkatapos ng unang dosis.***

**Ang mga hindi matinding problema:**
- pananakit, pamumula, o pamamaga kung saan natusok
- lagnat
- mga sakit

Kung mangyari ang mga problemang ito, ang mga ito ay kadalasang nag-uumpisa pagkatapos ng iniksiyon at nagtatagal ng 5-10 araw. Sa mga pag-aaral, ang mga ito ay nangyari sa kasindami ng 25 porsiyento sa mga tumanggap ng bakuna.

**Ang mga malubhang problema** (ang mga kalkulasyon ay base sa mga pasibong pag-uulat):
- Nagsasapanganib sa buhay na alerhiyang reaksiyon (humigit-kumulang na 1 ang iniulat kada 131,000 na mga dosis).
- Malubhang mga reaksiyon sa sistemang nerbiyos (humigit-kumulang 1 ang iniulat kada 150,000-250,000 na mga dosis).
- Nagsasapanganib sa buhay na malubhang sakit na kasama ang panghihina ng sistema ng pangunahing bahagi ng katawan (humigit-kumulang 1 ang iniulat kada 200,000-300,000 na mga dosis, o 1 ang iniulat kada 40,000-50,000 na mga dosis sa mga taong edad 60 at mas matanda). Mahigit sa kalahati sa mga taong nakaranas sa mga epektong ito ay namamatay.

## 6 Paano kung may hindi matindi o malubhang reaksiyon?

### Ano ang dapat kung bantayan?
- Bantayan ang anumang hindi pangkaraniwang kondisyon, kagaya ng mataas na lagnat, mga pagbabago sa kilos, o mga sintomas na katulad ng trangkaso na nangyayari 1-30 araw pagkatapos ang pagbabakuna. Ang mga palatandaan ng alerhiyang reaksiyon ay maaaring kabilang ang hirap sa paghinga, pamamaos o paghuhuni, pamamantal, pamumutla, panghihina, mabilis na tibok ng puso, o pagkahilo sa loob ng ilang minuto hanggang sa ilang oras pagkatapos ng iniksiyon.

### Ano ang dapat kong gawin?
- **Tumawag** sa doktor, o dalhin ang tao sa isang doktor kaagad.
- **Sabihin** sa doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at oras kung kailan nangyari, at kung saan ibinigay ang bakuna.
- **Hilingin** sa klinika kung saan ka nagpabakuna na itago ang anumang natirang bakuna at ang silindrikong boteng lalagyan ng bakuna, at i-rekord ang lot number.
- **Hilingin** sa iyong doktor, nars, o departamento ng kalusugan na iulat ang reaksiyon sa pamamagitan ng paggawa ng Sistema ng Pag-uulat ng Masamang Pangyayaring Dulot ng Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS) na pormas.
  O maaari mong iulat ang report na ito sa pamamagitan ng pagpunta sa website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-822-7967.
  *Ang VAERS ay hindi nagbibigay ng payong pang-medikal.*

## 7 Paano ko malalaman ang karagdagang impormasyon?

- Magtanong sa iyong doktor o nars. Maaaring maipapakita nila sa iyo ang nakaipit na pakete tungkol sa bakuna o makapagmungkahi ng iba pang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang iyong pang-lokal o pang-estadong departamento ng kalusugan.
- Kontakin ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  – Bisitahin ang website ng Traveler's Health ng CDC sa www.cdc.gov/travel/diseases/yellowfever.htm, o iba pang mga website ng CDC sa www.cdc.gov/ncidod/dvbid/yellowfever/, o http://www.cdc.gov/mmwr/preview/mmwrhtml/00031094.htm.


**DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES**
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION

Yellow Fever – Tagalog (11/9/04) Vaccine Information Statement
Translated by Transcend Translations, Davis, CA www.transcend.net